Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
- 87 -

Rural Bank of Santa Rosa. Sinambot ito ni Kag. Perez at sinabing di pa nila pinagtibay ang pagpili ng agrimensor at sa halip sila ay nagmumungkahi lamang ng paglalaan upang malutas ang suliranin.

Sinabi rin ng Pang. Punumbayan na wala ng magiging pakialam sila Gng. Vigilia kung sino man ang mapili ng Pamahalaan upang magsukat ng Plaza Galintang at kung sakasakaling sila ay may alinlangan ay maaari naman silang kumuha rin ng pribado nilang agrimensor. Kaya't ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXVIII-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang DALAWANG LIBONG PISO (₱2,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa pagpapasukat (resurvey) ng Plaza Juana Galintang.

Ang Palaan para sa nabanggit na pagpapasukat ay magmumula sa anumang aytem sa Taunang Palaan na maaaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 620 - '88
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 23, 1988

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

May kinalaman naman sa hinihiling na palaan ni G. Carlos Ilustre, Civil Security Officer upang mapaukol sa paglalagay ng laman sa limang silindrong nabibitbit na pamatay-sunog, ay pinagpasiyahan ng kapulungan na ipagpaliban muna ang paglalaan at sa halip ay inatasan ang Pinuno na alamin ang aktuwal na gastusin.

Tinalakay naman ng kapulungan ang liham-kahilingan ni Gng. ERMINIA LASERNA TEODORO na humihiling ng pagtitibay ng Sangguniang Bayan sa panukala nilang pagtatayo ng isang pamahayan (proposed subdivision). Siniyasat ng kapulungan ang mga papeles na isinulit ni Gng. Teodoro at matapos na mapag-alaman na ang gamit-lupain ng mabanggit ay pampamahayan; na mayroon ng katibayan na walang kasama ang lupain mula sa Department of Agrarian Reform ay ang:

APPROVED:
RESOLUTION No. 620 - '88
PROVINCIAL BOARD
Nobyembre 23, 1988

KAPASIYAHAN BLG. 35 - '88
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan nina Kag. Tiongco at Kag. Perez)

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ng pagtibayin ang kahilingan ni

ROBERTO R. GONZALES, Punumbayan
ANTONIO B. LICTAO, Pangalawang Punumbayan
EMILIO M. TIONGCO, Kagawad
ADELO T. PEREZ, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
ANTONIO G. LUNGAC, Kagawad
ERIC T. PUZON, Kagawad
AVELINA R. GIRONELLA, Kagawad
URIEL T. MANGAHIS, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad